

Abiso ng Workshop at Kahilingan para sa Mga Komento

Agosto 28, 2025

PARA SA: MGA INTERESADONG PARTIDO

MULA SA: TAGAPAGPAGANAP NA OPISYAL / APCO

PAKSA: **Abiso ng Workshop at Kahilingan para sa Mga Komento –
Mga Pag-aamyenda sa Burador sa Regulasyon 11:
Mapanganib na Mga Pamparumi, Panuntunan 18:
Pagbawas ng Panganib mula sa Mga Nakakalason na
Emisyon sa Hangin at Mga Umiiral na Pasilidad**

Ang kawani ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Distrito ng Hangin) ay naglalabas ng Abiso ng Workshop at Kahilingan para sa Mga Komento tungkol sa mga pag-aamyenda sa burador sa Regulasyon 11: Mapanganib na Mga Pamparumi, Panuntunan 18: Pagbawas ng Panganib mula sa Mga Nakakalason na Emisyon sa Hangin at Mga Umiiral na Pasilidad (Panuntunan 11-18).

PAMPUBLIKONG WORKSHOP

Mag-aanyaya ang Distrito ng Hangin ng virtual na pampublikong workshop para bigyan ang publiko ng pagkakataong malaman ang tungkol sa, pag-usapan, at magkomento sa mga burador na pag-aamyenda sa Panuntunan 11-18. Isasagawa ang workshop sa virtual na paraan sa pamamagitan ng webcast sa **Oktubre 2, 2025, mula 6:00 hanggang 8:00 PM**. Ang isang link sa web para magparehistro para sa workshop ay available sa website ng Distrito ng Hangin, sa www.baaqmd.gov/ruledev.

Available ang magkakasabay na interpretasyon kapag hiniling nang hindi bababa sa 3 araw ng negosyo bago ang petsa ng pampublikong pagpupulong. Para sa mga kahilingan sa interpretasyon ng wika, makipag-ugnayan sa jabraham@baaqmd.gov o 415-749-8408.

- Para información en español, llame al 415-749-4609
- 中文聯絡電話 415-749-4609
- Nói Tiếng Việt xin gọi 415-749-4609

BACKGROUND

Ang Panuntunan 11-18 ay pinagtibay ng Distrito ng Hangin noong 2017 upang tugunan ang mga pasilidad na ang mga emisyon ng nakakalasang nagkokontamina sa hangin ay nagreresulta sa malalaking panganib sa mga kalapit na residente at manggagawa. Ang layunin ng Panuntunan 11-18 ay tumuon sa mga umiiral na pasilidad na nagdudulot ng pinakamataas na epekto sa kalusugan sa buong Bay Area at hilingin sa mga pasilidad na ito na bawasan ang mga epektong iyon.

Ang mga alalahanin mula sa mga grupo sa komunidad at mga komite ng Distrito ng Hangin ay binigyang-diin ang mga pagkaantala sa pagpapatupad ng Panuntunan 11-18, lalo na sa pagtatapos ng mga pagsusuri ng panganib sa kalusugan (health risk assessments, mga HRA) at mga Plano sa Pagbawas ng Panganib (Risk Reduction Plans, mga RRP). Dagdag pa rito, ang Landas patungo sa Malinis na Hangin na Plano sa Pagbabawas ng Emisyon ng Komunidad (Path to Clean Air Community Emission Reduction Plan, PTCA CERP) ng Richmond-North Richmond-San Pablo, ay nananawagan ng mga pagpapabuti sa Panuntunan 11-18 para mapabuti ang husay at kalinawan. Bilang tugon, ang Distrito ng Hangin ay gumagawa ng mga pag-aamyenda para mapabilis ang pagbawas ng panganib at pagbutihin ang pagpapatupad ng programa.

MGA PAG-AAMYENDA SA BURADOR

Ang pag-aamyenda sa burador ay naglalayong aayusin ang pangangasiwa ng programa upang ipatupad ang mga kasama sa pagbawas ng panganib ng panuntunan sa lalong madaling panahon. Kabilang sa mga pangunahing pagbabago ang:

Mga Pagsusuri ng Panganib sa Kalusugan (mga HRA)

- Hihilingin sa mga pasilidad na maghanda ng mga paunang HRA gamit ang mga protokol sa pagmomodelo na inaprubahan ng Distrito. Gagamitin ang mga protokol sa mga pamantayang pamamaraan na naka-ukma sa impormasyong partikular sa lugar, na nagpapahintulot para sa higit na kahusayan sa pamamagitan ng paggamit ng kaalamang partikular sa pasilidad at mga mapagkukunan at nagpapahintulot sa higit pang paunang mga HRA para sumulong nang sabay-sabay;
- Pananatilihin at gagamitin ang awtoridad ng Distrito ng Hangin upang suriin, itama, at aprubahan ang mga mungkahi at resulta ng HRA;
- Magtatatag ng mga partikular na takdang araw tumugon ang mga pasilidad sa mga komento at pagwawasto ng Distrito ng Hangin.
- Gawing pormal ang kasalukuyang kasanayan ng pagsasagawa ng panahon ng komento ng publiko sa paunang HRA kasabay ng umiiral na 90 araw na panahon ng komento para sa pasilidad; at
- Magdagdag ng lengguwahe na nagbabalangkas kung ano ang mangyayari kapag ang bagong datos ng mga emisyon ay makakaapekto sa mga resulta ng HRA ng pasilidad at katayuan ng antas ng aksyon para sa panganib (risk action level, RAL).

Mga Plano sa Pagbabawas ng Panganib (mga RRP)

- Baguhin ang terminolohiya at panahon na nauugnay sa pagsusuri ng distrito ng burador na Mga Plano sa Pagbabawas ng Panganib (mga RRP) mula sa 20 na araw na “pagsusuri sa pagiging kumpleto” hanggang sa 60 na araw na “pagsusuri” bago ang komento ng publiko; at
- Linawin ang mga pangyayari kung saan maaaring magbigay ng mga palugit sa pagpapatupad ng RRP o maaaring magbigay ng hakbang sa pagbawas ng panganib.

Ang mga kawani ay nakabuo rin ng mga pag-aamyenda sa burador sa Panuntunan 11-18 Mga Pamamaraan ng Pagpapatupad, na kinabibilangan ng pag-alisunod sa inamyendahang burador ng lengguwahe ng panuntunan; pagpapabuti sa linaw at

pagiging madaling mabasa; at pagtukoy sa tungkulin, saklaw, at proseso para sa Grupo sa Paglutas ng Hindi Pagkakasundo (Dispute Resolution Panel, DRP).

IMPORMASYON AT MGA KOMENTO

Ang Distrito ng Hangin ay naglathala ng burador na mga pag-aamyenda sa panuntunan, burador sa mga pag-aamyenda sa Panuntunan 11-18 Mga Pamamaraan ng Pagpapatupad, at isang Paunang Ulat ng Kawani na nagdedetalye sa mga pagbabagong ito sa burador. Hinihingi ng Distrito ng Hangin ang feedback ng publiko sa mga dokumentong ito at isasaalang-alang nito ang lahat ng mungkahi na natanggap sa loob ng panahon ng pagbibigay ng komento at sa pampublikong workshop tungo sa karagdagang pagpapa-unlad sa mga pag-aamyendang ito. Kasunod ng panahon ng pagbibigay ng komento, susuriin ng Distrito ng Hangin ang pangangailangan para sa mga pagbabago bago magpatuloy sa isang pampublikong pagdinig sa harap ng Lupon ng mga Direktor.

Ang takdang araw para sa mga komento ng publiko ay: Lunes, Oktubre 13, 2025, nang 5:00 p.m.

Magsumite ng mga tanong o komento sa ruledevelopment@baaqmd.gov, sa pamamagitan ng sulat sa 375 Beale St., Suite 600, San Francisco, CA 94105, o sa oras ng pampublikong workshop.

Para sa mga kopya ng mga pag-aamyenda sa burador sa Panuntunan 11-18, Panuntunan 11-18 Mga Pamamaraan ng Pagpapatupad, at Paunang Ulat ng Kawani, bisitahin ang www.baaqmd.gov/ruledev o hilingin ang mga ito mula sa Rule Development sa ruledevelopment@baaqmd.gov o (415) 749-4653.